

Part 6: Ang Tungkol Sa Economiya

6.4 NEEDS AND WANTS

Isang araw habang sila ay nagkukuwentuhan, sinabi ni Cristo sa Kanyang mga alagad, *Ang sino man na gustuhing sumama sa Akin, kinakailangan na pagkaitan niya ang kanyang sarili, dalhin niya ang kanyang krus araw-araw, at sumunod siya sa Akin.* (Luke 9:23).

Bakit kaya pag tumitingin tayo sa ating closet, eh napakaraming damit ang nakikita natin? Bakit ba napakarami nating sapatos? At ang dami nating kasangkapan? Ito ay sapagkat hindi natin tunay na nauunawaan ang pangaral ni Cristo tungkol sa pag-aari ng maraming materyal na bagay at ang epekto nito sa buhay ng tao.

Time OUT

1. Sa Luke 9:23, ano ang sinabi ni Cristo sa Kanyang mga alagad tungkol sa pagsunod sa Kanya?

2. Bakit napakarami nating kagamitan na hindi naman natin kailangan ngunit lagi pa rin nating binibili?

PAG-ISIPAN:

Ang aking alam	Ang kaibahan ng pangangailangan at kagustuhan ay:
	Maihihiwalay ko ang aking pangangailangan sa aking kagustuhan sa pamamagitan ng:

PAG-ARALAN:

Basahin ang maikling kwento at sagutin ang mga tanong.



Matthew 6:25-34 Diyos o Kayamanan

Kaya't sinasabi ko sa inyo, huwag kayong mabalisa tungkol sa inyong kakainin at sa inyong iinumun upang kayo'y mabuhay o kaya'y tungkol sa susuutin ng inyong katawan. Hindi ba't ang buhay ay higit na mahalaga kaysa pagkain at ang katawan kaysa damit? Masdan ninyo ang mga ibon. Hindi sila nagtatanim ni umaani man o kaya'y nagtitipon sa kamalig, ngunit pinapakain sila ng inyong Ama na nasa langit. Hindi ba't higit kayong mahalaga kaysa mga ibon? Sino sa inyo ang makakapagpahaba ng kanyang buhay nang kahit isang oras sa pamamagitan ng kanyang pagkabalisa?

At bakit kayo nababalisa tungkol sa pananamit? Isipin ninyo kung paano tumutubo ang mga bulaklak sa parang; hindi sila nagtatrabaho ni gumagawa ng damit. Ngunit sinasabi ko sa inyo, kahit si Solomon sa kanyang karangyaan ay hindi nakapagdamit nang singganda ng isa sa mga bulaklak na ito. Kung dinadamitan ng Diyos ang damo sa parang, na buhay ngayon, at kinabukasan ay iginagatong sa kalan, kayo pa kaya? Kay liit ng inyong pananampalataya sa kanya!

Kaya't huwag kayong mag-alala na baka kayo kapusin sa pagkain, inumin o damit. Hindi ba't ang mga Hentil ang nababahala tungkol sa mga bagay na ito? Alam na ng inyong Ama na nasa langit na kailangan ninyo ang lahat ng ito. Ngunit higit sa lahat ay bigyang-halaga ninyo ang kaharian ng Diyos at ang pamumuhay nang ayon sa kanyang kalooban, at ibibigay niya sa inyo ang lahat ng mga bagay na ito.

Kaya nga, huwag ninyong alalahanin ang bukas; sapagkat ang bukas ang mag-aalala sa sarili niya. Sapat na ang inyong mga suliranin sa bawat araw.

- Bakit sinabi ni Cristo na huwag tayong mabalisa tungkol sa ating kakainin, iinumun at susuutin?

- Ano ang sinabi ni Cristo tungkol sa mga ibon at bulaklak?

- Dapat ka bang mag-alala na baka kapusin kayo sa pagkain, inumin o damit? Bakit?

-
-
- Ano ang dapat nating bigyang halaga?
-
-

PAG-USAPAN:

Minsan naman habang si Cristo ay nangangaral, may isang abogado ang nagsabi sa Kanya, *Guro, susundan Kita maski saan Ka man pumunta. Sumagot sa kanya si Cristo, May kuta ang mga lobo, subalit ang Anak ng Tao ay wala man lamang mahimlayan ng ulo (Matthew 8:19-20)*



Kapag hindi natin ito pinag-isipan nang husto, maaaring magtaka tayo sa mga salita ng Panginoong Jesus; lalong-lalo na tungkol sa bagay ng paglilingkod. Kung hindi rin lang natin kayang pagkaitan ang ating sarili o hindi natin kayang malayo sa tinatawag na comforts of home, huwag na nating isipin pa na kakayanin nating sundan ang mga yapak ng ating Panginoon.



Ang basic na pangangailangan ng tao ay food, clothing and shelter. Ang tanong ay ito: Paano natin maihihiwalay ang ating pangangailangan sa ating kagustuhan? Kung ang isang

bagay ay maipagkakait natin sa ating sarili na walang magiging masamang epekto sa ating buhay, ito ay hindi pangangailangan. Ito ay kagustuhan lamang. Subalit ang totoo ay hindi natin magagawang ipagkait ang ating mga kagustuhan kung hindi natin matututuhang magpailalim sa

kalooban ng Diyos, tulad ng ginawa ni Cristo (Luke 22:42). Siguradong bibilhin pa rin natin ang gusto natin kung tayo ay may pambili.

Patuloy na pinalago ng mga magulang ni Jenny ang kanilang mga pananim at patuloy na tumutulong din si Jenny sa tuwing wala siyang klase. Dahil sa kasipagan ni Jenny siya ay binibigyan ng kanyang magulang ng pera sa tuwing sila ay nakakabenta ng mga gulay at prutas. Sinabi sa kanya ng kanyang mga magulang na ibili niya ito ng kanyang mga gustong gamit. Ngunit napaisip si Jenny kung mahalaga ba na unahin niya ang kanyang kagustuhan dahil marami pa naman siyang damit, sapatos at iba pang kagamitan. Kaya napagdesisyunan niyang ipunin ang mga binibigay sa kanya ng kanyang mga magulang upang pagdating ng oras ng kagipitan, mayroon siyang mapagkukuhaan.

Sa naging desisyon ni Jenny, sa iyong palagay, alam ba niya ang kaibahan ng needs and wants? Ipaliwanag ang iyong sagot.



Ang provision ng Lord sa tao ay para sa kanyang pangangailangan lamang. Hindi tayo dapat bili ng bili ng bawat maisipan. Tayo ay dapat bumili lamang ng ating pangangailangan at hindi ng ating kagustuhan.

Ang buhay ay higit pa sa pagkain o kasuotan. Kung ito ay matututuhan lamang ng bawat Pilipino, wala tayong magiging problema. Panahon na upang magpigil sa sarili!

PAG-BULAYBULAYAN:

1. Lahat ba ng kagamitan mo ngayon ay iyong kailangan o kagustuhan lamang? Bakit?

2. Anong mga bagay ang gusto mong ibigay sa iyo ng Diyos at bakit mo kailangan ito?

3. Sa kalagayan natin ngayon due to pandemic, ano ang itinuro sa iyo ng Diyos tungkol sa pangangailangan at kagustuhan mo?

Natutuhan ko na	Ang kaibahan ng pangangailangan at kagustuhan ay:
	Maihihiwalay ko ang aking pangangailangan sa aking kagustuhan sa pamamagitan ng:

Verse of the Day:

Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip, hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat. **Filipos 4:6-7**